


●01 Ang Sistema ng Edukasyon sa Japan

●02 Anong Klaseng Lugar ang Elementarya? (Buhay ng Mag−aaral)

●03 Anong Klaseng Lugar ang Elementarya?（Mga Event）

●04 Anong Klaseng Lugar ang Junior High School?（Buhay ng Mag-aaral）

●05 Anong Klaseng Lugar ang Junior High School?（Mga Event）

●06 Anong Klaseng Lugar ang High School?

●07 Sistema ng Entrance Exam sa High School

●08 Mga Kagamitan para sa Paaralan


●09 Listahan ng mga International School

●10 Mga Klase ng Wikang Hapon sa Paaralan at Komunidad

●11 Lugar Kung Saan Makakakuha ng Imporasyon Tungkol sa Trabaho (Listahan ng Hello work)

●12 Mga Paaralang Nagtuturo ng Dalubhasang Karunungan at Kasanayan (Pagkuha ng Kasanayan para Makapagtrabaho)

## 01 Ang Sistema ng Edukasyon sa Japan TOP



## 02 Anong Klaseng Lugar ang Elementarya?（Buhay ng mag-aaral）

TOP

Ang mga pampublikong elementarya sa Osaka ay may mga sumusunod na alituntunin. Maaring may mga ibang alituntunin sa kaniya-kaniyang paaralan, kung kaya't magtanong sa guro ng inyong paaralan.

### ◆Pagpunta sa Paaralan

1. Ang Daan Papuntang Paaralan

Mayroong mga nakatalagang daan upang ligtas na makapunta at makalabas sa paaralan ang mga mag-aaral. Ang tawag dito ay "tsuugakuro" o ruta ng paaralan. Napagpasyahan ng paaralan ang ligtas na daan kaya't hangga't maaari ay ito ang daanan.

2. Mga Paraan sa Pagpunta sa Paaralan

○Magkagrupo

Ang mga batang nakatira malapit sa isa't-isa ay gumagawa ng grupo at sama-samang tumutungo sa paaralan. Huwag mahuli sa pag-punta sa lugar na magkikita-kita.

○Sarilinan

Pumupunta sa paaralan na mag-isa o kasama ang ibang batang nakatira sa malapit.

### ◆Simula ng Klase

Nagsisimula ang klase ng mga 8:25 hanggang 8:30 ng umaga. Siguraduhing makarating sa paaralan ng sampung minuto bago magsimula ang klase. Kapag hindi pumunta sa paaralan bago ang oras na ito itinuturing na "huli/late" ang mag-aaral. Ipaalam sa paaralan kung ang mag-aaral ay mahuhuli o liliban sa klase dahil sa sakit o ibang dahilan.

### ◆Oras na Mananatili sa Paaralan

Ang bilang ng mga klase at oras ng labasan ay nag-iiba batay sa araw at baitang. Para sa ika-anim na baitang, nagsisimula ang klase ng 8:30 at may 4 na klase sa umaga (bawat klase ay tumatagal ng 45 minuto). Pagkatapos ng tanghalian, mayroong 2 klase sa hapon. Sa isang araw, may mga 5-6 na klase. Ang homeroom teacher ang nagtuturo ng mga klase.

### ◆Kyuushoku (Tanghaliang Handa ng Paaralan) o Baon (Tanghaliang Dala Mula sa Bahay)

Halos lahat ng elementarya sa Osaka ay may kyuushoku (tanghalian na handa ng paaralan). Ang mga bata ay palit-palit na toka sa pamamahagi ng pagkain at pag-iimis pagkatapos. Ito ang tinatawag na pagiging "kyuushoku touban". Sa simula ng term o kung may anumang aktibidad, walang inihahandang tanghalian. Sa mga okasyon na ito, kinakailangan magdala ng baon. Ipinapaalam ito ng paaralan nang maaga bago ito maganap. Kung mayroong hindi pwedeng makakain ang bata dahil sa kanyang relihiyon o dahil may allergy, makipag-usap sa homeroom teacher.

Ang pagkaing pinamamahagi sa tanghalian na inihanda ng paaralan ay binabayaran ng mga magulang/guardian. Ito ay nagkakahalaga ng 4,000 yen hanggang 5,000 yen bawat buwan.

### ◆Oras ng Paglilinis

Sa elementarya, may oras para sa paglilinis pagkatapos ng tanghalian. Nalilinis ng mga bata ang silid-aralan, ang hagdanan, ang pasilyo, ang CR at iba pa. Linisin natin ang lugar kung saan tayo ay nag-aaral.

### ◆Uwian

Gaya ng pagpunta sa paaralan, ginagamit ang itinakdang daan sa pag-uwi. Ang oras ng uwian ay nag-iiba batay sa baitang at araw. Nagbabago din ito kapag may nagaganap na pagbabagong gawain sa paaralan. Ipinapaalam ng paaralan kung magbabago ang oras.

## ◆Pananamit

Sa karamihan ng elementarya, puwede magsuot ng anumang gustong damit. Ngunit may mga paaralan ng may uniporme o nakatakdang suotin.
Sa oras ng P.E. kailangang magpalit sa P.E. uniform para malayang makakagalaw. Bukod sa mga pangsilid-aralan na mga sapatos, may mga paaralan na kinakailangan ng sapatos para sa loob ng gym.
Kapag nakatalagang mamahagi ng tanghalian, kinakailangang magsuot ng mask, apron, at sumbrero. Para sa mask, ginagamit ang sariling mask lamang.

Tuwing klase ng paglangoy sa tag-init, kinakailangan ng swimsuit at swimming cap. Ihanda ang sariling gamit at isulat ang sariling pangalan. Para sa karagdagang kaalaman, magtanong sa paaralan.

## ◆Klase Klase (Class) sa silid- aralan

Ang isang Klase ( Class ) na tinuturuan ng isang guro ay humigit kumulang sa 35 na mag-aaral sa isang silid-aralan. Ang homeroom teacher ang nagtuturo ng mga aralin. Depende sa baitang o paaralan, maaring may ibang guro ang magtuturo ng arts and crafts, musika, o home economics. Posible rin na mayroong iba-ibang guro ang magtuturo sa aralin.

※Ang pinag-aaralan sa isang aralin, ang ginagawa ng klase sa simula at pagtatapos ng araw, at ang iba't-ibang pagdiriwang ng paaralan ay kalimitang ginagawa kada klase. Kung may hindi malinaw o pino-problema huwag mag-atubiling makipag-usap kaagad sa homeroom teacher.

## ◆Ang Kurikulum

Ito ang mga pinag-aaralan sa paaralan.
Grade 1-2:
Wikang Pambansa (Hapon), Aritmetika, Pamumuhay, Musika, Arts and Crafts, P.E., Natatanging aralin "Values education"
Grade 3-4:
Wikang Pambansa (Hapon), Aritmetika, Araling Panlipunan, Agham, Musika, Arts and Crafts, P.E., Natatanging aralin “Values education”, mga aktibidad sa wikang banyaga
Grade 5-:
Wikang Pambansa (Hapon), Aritmetika, Araling Panlipunan, Agham, Musika, Arts and Crafts, P.E., Home Economics, Natatanging aralin “Values education”, mga akitibidad sa wikang banyaga

※Bukod sa mga ito, mayroong oras para sa mga natatanging gawain (gawain sa silid-aralan, gawain ng Student Council, club, mga kaganapan ng paaralan) at pangkalahatang edukasyon.
Ang mga natatanging gawain ay mga gawain, tulad ng gawain ng Student Council, na pinapatupad mismo ng mga bata upang gawing mas maganda ang pamumuhay sa paaralan.

## ◆Mga gamit para sa silid-aralan

### Mga Kagamitan sa Pag-aaral

Ang mga textbook na ginagamit sa pag-aaral ay libre. Ang ibang gamit na kakailanganin bukod sa textbook ay ihahanda ng pamilya. May mga aralin na kailangan ng mag-aaral ang sariling kagamitan na siya lamang ang gagamit.

Pambansang Wika (Hapon) – panulat na brush, tinta atbp.
Musika – Pianica, rekorder atbp.
Arts and Crafts – kagamitang pang-water color, krayola, kraypas atbp.
Home Economics – kagamitang pantahi atbp.
Depende sa aralin, ang mga kagamitang itinakda ng paaralan ay bibilhin ng paaralan nang sabay-sabay, kung kaya't may pangongolekta ang paaralan ng pera.

## ◆Pagsasalin sa Sariling Wika

Para sa mga magulang/guardian o mga bata na nahihirapang magsalita ng wikang Hapon, may mga paaralang maaring magpatawag ng interpreter para puwedeng magkaintindihan ng mabuti sa pakikipag-usap sa paaralan o sa homeroom teacher. Para sa karagdagang kaalaman, magtanong sa guro ng paaralan.

## ◆Medical Check-up

【Ang Medical Check-up】

Ang mga paaralan sa Japan ay nagsasagawa ng medical check-up ayon sa pangangailangan nito. May iba't-ibang uri ng medical check-up.

- Pagsisiyasat sa kalusugan (Susuriin ang medical history at ang kasalukuyang kalusugan)
- Pagsukat ng tangkad at timbang, pagsuri ng loob ng katawan (kondisyon ng tiyan), pagsuri ng mga mata (kung malusog ang mga mata o hindi), pagsuri ng tenga at ilong (kung malusog ang tenga at ilong o hindi), pagsuri sa ngipin (kung malusog ang ngipin o hindi), pagsuri ng paningin (kung gaano kabuti ang paniningin), pagsuri sa pandinig (kung nakakarinig ng tunog)
- Pagsusuri para sa TB
- Pagsusuri ng puso (ECG) Lahat ng mag-aaral ng Grade 1 ay kumukuha nito.
- Pagsusuri ng ihi

※Bukod nito, maaaring magsagawa rin ng pagsusuri bago magklase ng paglalangoy, mag-marathon, umakyat ng bundok, mag-field trip, atbp.

## ◆Report Card

Nakasulat dito ang resulta (grado) ng pag-aaral ng bata sa paaralan, ang pamumuhay nito sa paaralan at iba't-ibang aktibidad ng bata. Natatanggap ito sa araw ng Closing Ceremony. Pagkatapos ipakita ito sa mga magulang/guardian, ibabalik ito sa homeroom teacher sa simula ng susunod na term (araw ng Opening Ceremony).

## 03 Anong Klaseng Lugar ang Elementarya? (Mga Event) TOP

Ang 1 Taon sa Elementarya

Nag-uumpisa ang paaralan bawat taon sa Abril at nagwawakas sa Marso sa susunod na taon. Ang isang taon ay nahahati mula sa 2 hanggang 3 term. Maraming aktibidad ang ginagawa sa paaralan. May okasyon na kinakailangan ang pag-dalo ng mga magulang/guardian. Mayroon ding aktibidad na kailangang bayaran. Magbibigay ang paaralan ng mga detalye tungkol sa mga ito. Ang pangalan at detalye ng aktibidad ay nag-iiba depende sa paaralan, lokasyon ng tirahan, at baitang ng bata. Ang sumusunod ay ang tipikal na ginagawa sa 3 term.

### Unang termino (Abril- Hulyo)

**●Seremonya ng Pagbubukas(Opening Ceremony)**

Ginaganap sa unang araw ng pasukan. Ang bawat antas ng buong paaralan ay karaniwang kasapi dito

**●Seremonya ng Pagpasok( Entrance Ceremony)**

Ito ay para ipagdiwang ang pagpasok ng mga mag-aaral sa unang baitang. Ang mga magulang/guardian ay maari ding dumalo.

**●Medical Check-up**

Tinitingnan ng doctor kung nasa magandang kalusugan ang mga mag-aaral.

**●Pagsukat ng tangkad at timbang**

Sinusukat ang tangkad at timbang ng mga mag-aaral

**●Pagbisita sa bahay**

Ang homeroom teacher ay bumibisita sa bahay ng bata upang makipag-usap sa mga magulang/guardian tungkol sa pamumuhay ng bata sa bahay.

**●Field Trip**

Lumalabas ng paaralan para mag-aral ng mga bagay na hindi mapapag-aralan sa loob ng silid-aralan habang niraranasan ang kalikasan, kasaysay, at kultura.

**●Pagbisita sa silid-aralan**

Ang mga magulang/guardian ay maaring bumisita sa silid-aralan upang malaman ang buhay ng mga bata sa paaralan.

**●Parent Teacher Conference**

Ang mga magulang/guardian ay nakikipagkita sa homeroom teacher nang isang beses sa bawat term at pinag-uusapan ang pag-aaral, ang buhay sa paaralan at sa bahay ng bata.

**●Pag-uusap ng Guro at mga Magulang (Kada Klase)**

Ang mga magulang/guardian ng isang klase ay sama-samang nakikipag-uusap sa homeroom teacher tungkol sa kanilang mga anak.

**●Pag-uusap ng Guro, Magulang at Bata**

Nag-uusap ang homeroom teacher, magulang/guardian at bata, tatlong katao o higit pa lahat-lahat, tatlong katao o higit pa, tungkol sa buhay sa paaralan at bahay. Ito ay karaniwang nagaganap malapit sa dulo ng term.

**●Klase sa Paglangoy**

Karamihan ng mga paaralan ay may swimming pool. Mula sa kalagitnaan ng Hunyo hanggang Hulyo, may klase para makapag-ensayo ng lumangoy.

**●Seremonya ng Pagsasara (Closing Ceremony)**

Ito ay ginaganap huling araw ng term sa paaralan. Nagpupulong ang buong paaralan

**●Bakasyon sa tag-init**

Ito ay isang mahabang bakasyon na tumatagal ng tatlumpu hanggang apat na pung araw. Sa panahong

ito, maaring pumunta ang mga mag-aaral sa paaralan para sa paglalangoy o para sa aktibidad ng club.

## Pangalawang Term (Setyembre-Disyembre)

●**Seremonya ng Pagbubukas(Opening Ceremony)**

●**Sports Day**

Ito ay aktibidad kung saan nag-eenjoy ang mga bata sa pag-eeherhisyo habang nag-papaligsahan sa pagtakbo at minsan relay, sumasayaw at nag-chee-cheer sa kapwa kaklase.

Depende sa paaralan, maaring sumali din ang mga magulang. Karaniwang tinatawag itong "undoukai". Ginaganap ito ng ilang paaralan sa pang-unang term (school's first term).

●**Field trip**

Kapag naging Grade 6, lahat ng mag-aaral ay bumubiyahe sa isang lugar at uuwi sa kinabukasan. Ginaganap ito ng ilang paaralan sa pang-unang term (school's first term).

●**Cultural Festival, Pagtanghal ng mga Gawa ng Mag-aaral, Pagtanghal ng Arts**

Ito ay kaganapan kung saan nag-e-eksibit ng mga gawa sa arts/crafts at home economics, mga report ng pinag-aralan sa araling panlipunan at agham, tumutugtog ng mga instrumentong musikal, kumakanta, nagtatanghal ng dula na ma-e-enjoy tignan at pakinggan ng mga tao. Ang mga magulang/guardian ay karaniwang maaring dumalo.

●**Seremonya ng Pagsasara (Closing Ceremony)**

●**Bakasyon sa tag-lamig (mula katapusan ng Disyembre hanggang umpisa ng Enero)**

Ang bakasyong ito ay tumatagal ng dalawang linggo.

## Ikatatlong Term (Enero-Marso)

●**Seremonya ng Pagbubukas(Opening Ceremony)**

●**Pagtatapos**

Isang kaganapan kung saan binibigyan ng diploma ang mga kinikilala na nakatapos ng pag-aaral at ipinagdiriwang ito.

●**Seremonya ng Pagsasara(Closing Ceremony)**

Nagaganap sa huling araw ng 1 taon. Kadalasang nag-titipon ang lahat ng mag-aaral.

●**Bakasyon sa tag-sibol**

Pagkatapos ng Closing Ceremony nagsisimula ang bakasyon sa tag-sibol. Sa Abril, pagkatapos ng bakasyon na ito, ang mga mag-aaral ay aakyat na sa susunod na baitang at magsisimula ang panibagong school year.

## 04 Anong Klaseng Lugar ang Junior High School? (Buhay ng Mag-aaral)

TOP

Ang mga pampublikong Junior High School sa Osaka ay may mga sumusunod na alituntunin. May kaniya-kaniyang alituntunin ang mga paaralan, kung kaya't maaari lamang magtanong sa guro ng inyong paaralan.

### ◆Pagpunta sa Paaralan

1　Ang Daan Papuntang Paaralan

Mayroong mga nakatalagang daan upang ligtas na makapunta at makalabas sa paaralan ang mga mag-aaral. Ang tawag dito ay "tsuugakuro" o ruta ng paaralan. Napagpasyahan ng paaralan ang ligtas na daan kaya't hangga't maaari ay ito ang daanan.

2　Paraan Pagpunta sa Paaralan

Pumupunta sa paaralan na mag-isa o kasama ang ibang batang nakatira sa malapit.
Sa junior high school, ang mga mag-aaral ay kadalasang pumapasok nang mag-isa.

### ◆Simula ng Klase

Nagsisimula ang klase ng mga 8:25 hanggang 8:30 ng umaga. Siguraduhing makarating sa paaralan ng sampung minuto bago magsimula ang klase. Kapag hindi pumunta sa paaralan bago ang oras na ito itinuturing na "huli/late" ang mag-aaral. Ipaalam sa paaralan kung ang mag-aaral ay mahuhuli o liliban sa klase dahil sa sakit o ibang dahilan.

### ◆Oras na Mananatili sa Paaralan

Ang bilang ng mga klase at oras ng labasan ay halos magkapareho para sa lahat ng baitang. Nagsisimula ang klase ng 8:30 am at may 4 na klase sa umaga (1 klase ay 50 minuto). Pagkatapos ng tanghalian mayroong 2 klase sa hapon. Sa 1 araw may 5-6 na klase. Magkakaiba ang guro para sa bawat klase

### ◆Kyuushoku (Tanghaliang Handa ng Paaralan) o Baon (hinanda sa bahay)

Kung may "kyuushoku" man o wala, depende ito sa paaralan. May paaralang lahat ng mag-aaral ay may "kyuushoku", mayroon ding yung mga nag-aplay lang ang may kyushoku. Kung araw na walang kyuushoku, magdala ng baon. Ito'y kakainin sa loob ng paaralan. (hindi ito iuuwi sa bahay at doon kakainin. Kung hindi makakapagdala ng baon, magdala kahit man lang tinapay. May paaralang nagtitinda ng tinapay. Para sa mga paaralang may "kyuushoku", ang mga bata ay palit-palit ng toka sa pamamahagi ng pagkain at pag-iimis pagkatapos. Ito ang tinatawag na "kyuushoku touban" (kyuushoku-gakari).

Sa simula ng term at espesyal na okasyon, walang nakahandang tanghalian ang paaralan. Kaya't may okasyon rin na kinakailangan magdala ng baon. Kapag ganoon, ipinapaalam ng paaralan nang maaga.

Kung mayroong hindi pwedeng makain ang bata dahil sa kanyang relihiyon o dahil may allergy siya, makipag-usap sa homeroom teacher.

Ang pagkaing inihahanda sa tanghalian ng paaralan ay binabayaran ng mga magulang/guardian. Ito ay nagkakahalagang 4,500 yen hanggang 6,000 yen bawat buwan.

### ◆Oras ng Paglilinis

Bago mag-uwian, may oras na nakalaan para sa paglilinis. Nililinis ng mga bata ang silid-aralan, hagdanan, pasilyo, CR at iba pa. Linisin natin ang lugar kung saan tayo ay nag-aaral.

### ◆Pagsali sa Club
Pagkatapos ng pag-aaral, maaring maglaro ng sports o sumali sa mga gawaing kultural kung saan magaling ang mag-aaral

### ◆Uwian
Gaya ng pagpunta sa paaralan, sa tinakdang daan nadaan sa pag-uwi. Ang oras ng uwian ay nag-iiba batay sa baitang at araw.　Nagbabago din ito kapag may pagbabago sa iskedyul ng paaralan. Ipinapaalam ng paaralan kung magbabago ang oras.

### ◆Pananamit
Karamihan ng junior high school ay may sariling takdang uniporme (mayroong para sa tag-lamig at para sa ) tag-init).　Ang mga mag-aaral ay pumapasok na suot ito.
Tuwing oras ng P.E. kinakailangang magpalit ang mga mag-aaral sa kanilang P.E. uniform upang sila ay malayang makagalaw. Bukod sa pangsilid-aralan na sapatos, may mga paaralan na kinakailangan ng sapatos para sa loob ng gym. Tuwing klase ng paglangoy sa tag-init, kinakailangang magsuot ng swimsuit at swimming cap. Ihanda ang sariling gamit at isulat ang sariling pangalan. Para sa karagdagang kaalaman, magtanong sa paaralan.

### ◆Ang Klase
Sa isang klase, bukod sa homeroom teacher, mayroon ding Assistant class teacher. Magkakaiba ang guro para sa bawat aralin.

※Ang pinag-aaralan sa isang aralin, ang ginagawa ng klase sa simula at pagtatapos ng araw, at ang iba't-ibang pagdiriwang ng paaralan ay kalimitang tinatalakay kada klase. Kung may hindi malinaw o pino-problema huwag mag-atubiling makipag-usap kaagad sa homeroom teacher.

### ◆Ang Kurikulum
Mayroong pambansang wika (Hapon), Matematika, Araling Panlipunan, Agham, Musika, Arts, Kalusugan at P.E., Teknolohiya at Home Economics, Wikang Banyaga (Ingles), at natatanging aralin “Values education”.

※Bukod sa mga ito, mayroong oras para sa mga natatanging gawain (gawain sa silid-aralan, gawain ng Student Council, club, mga kaganapan ng paaralan) at pangkalahatang edukasyon.

### ◆Mga Kagamitan sa Pag-aaral
Ang mga textbook na ginagamit sa pag-aaral ay libre. Ang ibang gamit na kakailanganin bukod sa textbook ay ihahanda ng pamilya. May mga aralin na kailangan ng mag-aaral ang sariling kagamitan na siya lamang ang gagamit.

Pambansang Wika (Hapon) – panulat na brush, tinta atbp.
Musika – Pianica, rekorder atbp.
Arts and Crafts – kagamitang pang-water color, krayola, kraypas atbp.
Home Economics – kagamitang pantahi atbp.

Depende sa aralin, ang mga kagamitang itinakda ng paaralan ay bibilhin ng paaralan nang sabay-sabay, kung kaya't me pagkakataon na mangolekta ang paaralan ng pera.

## ◆Pagpapadala ng Interpreter

Para sa mga magulang/guardian o mga bata na nahihirapang magsalita ng wikang Hapon, may mga paaralang maaring magpatawag ng interpreter para puwedeng magkaintindihan ng mabuti sa pakikipag-usap sa paaralan o sa homeroom teacher. Para sa karagdagang kaalaman, magtanong sa guro ng paaralan.

## ◆Medical Check-up

【Ang Medical Check-up】

Ang mga paaralan sa Japan ay nagsasagawa ng medical check-up ayon sa pangangailangan nito. May iba't-ibang uri ng medical check-up.

- Pagsisiyasat sa kalusugan (Susuriin ang medical history at ang kasalukuyang kalusugan)
- Pagsukat ng tangkad at timbang, pagsuri ng loob ng katawan (kondisyon ng tiyan), pagsuri ng mga mata (kung malusog ang mga mata o hindi), pagsuri ng tenga at ilong (kung malusog ang tenga at ilong o hindi), pagsuri sa ngipin (kung malusog ang ngipin o hindi), pagsuri ng paningin (kung gaano kabuti ang paniningin), pagsuri sa pandinig (kung nakakarinig ng tunog)
- Pagsusuri para sa TB
- Pagsusuri ng puso (ECG) Lahat ng freshman ng junior high school ay kumukuha nito.
- Pagsusuri ng ihi

※Bukod nito, maaaring magsagawa rin ng pagsusuri bago magklase ng paglalangoy, mag-marathon, umakyat ng bundok, mag-field trip, atbp.

## ◆Regular na Pagsusulit

Sa junior high school, mayroong 5 o 6 na regular na pagsusulit sa isang taon (midterm test at final test). May mga aralin na 1 pagsusulit sa isang term, ang iba 2, may iba rin na walang anumang pagsusulit, at may iba na nagbibigay ng pagsusulit batay sa pang-araw-araw na klase. Ang regular na pagsusulit ay binibigay sa loob ng 2 ~ 3 araw.

Bukod sa regular na pagsusulit, Mayroong mga paaralan na nagbibigay ng pagsusulit na maaring gawin sa bahay o mga pagsusulit na bilang pagsusuri ng kakayahan. Magtanong sa guro para sa karagdagang detalye.

## ◆Report Card

Nakasulat dito ang resulta (grado) ng pag-aaral ng bata sa paaralan, ang pamumuhay nito sa paaralan at iba't-ibang aktibidad ng bata. Natatanggap ito sa araw ng Closing Ceremony. Pagkatapos ipakita ito sa mga magulang/guardian, at ibabalik ito sa homeroom teacher sa simula ng susunod na term (araw ng Opening Ceremony)

## 05 Anong Klaseng Lugar ang Junior High School? (Mga Event) TOP

Ang 1 taon sa Junior High School

Nag-uumpisa ang paaralan bawat taon sa Abril at nagwawakas sa Marso sa susunod na taon. Ang isang taon ay nahahati mula sa 2 hanggang 3 term. Maraming aktibidad ang ginagawa sa paaralan. May okasyon na kailangan ng magulang/guardian na pumunta sa paaralan. Mayroon ding aktibidad na kailangang bayaran. Magbibigay ang paaralan ng mga detalye tungkol sa mga ito. Ang pangalan at detalye ng aktibidad ay nag-iiba depende sa paaralan, lokasyon ng tirahan, at baitang ng bata. Ang sumusunod ay ang tipikal na ginagawa sa paaralan na may 3 term.

### Unang Term (Abril- Hulyo)

●**Seremonya ng Pagbubukas(Opening Ceremony)**

Ginaganap sa unang araw ng pasukan. Karaniwang nagtitipon ang mga magaaral sa lahat ng baitang.

●**Seremonya ng Pagpasok( Entrance Ceremony)**

Ito ay para ipagdiwang ang pagpasok ng mga mag-aaral sa unang baitang. Ang mga magulang/guardian ay maari ding dumalo.

●**Medical Check-up**

Tinitingnan ng doctor kung nasa magandang kalusugan ang mga mag-aaral

●**Pagsukat ng tangkad at timbang**

Sinusukat ang tangkad at timbang ng mga estudyante

●**Pagbisita sa bahay**

Ang homeroom teacher ay bumibisita sa bahay ng bata upang makipag-usap sa mga magulang/guardian tungkol sa pamumuhay ng bata sa bahay.

●**Field Trip**

Lumalabas ng paaralan ang mag-aaral upang mag-aral ng mga bagay na hindi mapapag-aralan sa loob ng silid-aralan habang nararanasan ang kalikasan, kasaysay, at kultura.

●**Pagbisita sa silid-aralan**

Ang mga magulang/guardian ay maaring bumisita sa silid-aralan upang malaman ang buhay ng mga bata sa paaralan..

●**Parent Teacher Conference**

Ang mga magulang/guardian ay nakikipagkita sa homeroom teacher nang isang beses bawat term at pinag-uusapan ang pag-aaral, ang buhay sa paaralan. at sa bahay ng bata.

●**Pag-uusap ng Guro at mga Magulang (Kada Klase)**

Ang mga magulang/guardian ng isang klase ay sama-samang nakikipag-uusap sa homeroom teacher tungkol sa kanilang mga anak.

●**Pag-uusap ng Guro, Magulang at Bata**

Nag-uusap ang homeroom teacher, magulang/guardian at bata (nasa tatlong tao o higit pa)tungkol sa buhay sa paaralan at bahay. Ito ay karaniwang nagaganap malapit sa dulo ng term.

●**Trip ng Paaralan**

Kapag naging 3rd year na ang mga mag-aaral, ang buong baitang na ito ay naglalakbay, tumitigil sa isang lugar at umuuwi kinabukasan o makalipas ang isa pang araw. Kalimitan ginagawa ito sa unang term.

●**Klase sa Paglangoy**

Karamihan ng mga paaralan ay may swimming pool. Mula sa kalagitnaan ng Hunyo hanggang Hulyo, may klase para makapag-ensayo ng paglangoy.

●**Seremonya ng Pagsasara( Closing Ceremony)**

Ito ay ginaganap huling araw ng term sa paaralan. Nagtitipon ang ang mga mag-aaral sa lahat ng baitang.

●**Bakasyon sa tag-init**
Ito ay isang mahabang bakasyon na tumatagal ng tatlumpu hanggang apatnapung araw. Sa panahong ito, maaring pumunta ang mga mag-aaral sa paaralan para sa paglalangoy o aktibidad ng klab.

## Pangalawang Term (Setyembre-Disyembre)

●**Seremonya ng Pagbubukas(Opening Ceremony)**
●**Sports Day**
Ito ay aktibidad kung saan nag-eenjoy ang mga bata sa pag-eehersisyo, nagpapaligsahan sa pag-takbo at relay, sumasayaw at nag-chee-cheer sa kapwa kaklase.
Depende sa paaralan, maaring pumunta rin ang mga magulang. Karaniwang tinatawag itong "undoukai" o dili kaya "tai-iku-sai" sa Junior High School. Ginaganap ito ng ilang paaralan sa pang-unang term (school's first term)."

●**Cultural Festival, Pagtanghal ng mga Gawa ng Mag-aaral, Pagtanghal ng Arts**
Ito ay aktibidad kung saan nag-e-eksibit ng mga gawa sa arts, teknolohiya at home economics, mga report ng pinag-aralan sa araling panlipunan at agham, tumutugtog ng mga instrumentong musikal, kumakanta, nagtatanghal ng dula na ma-e-enjoy tignan at pakinggan ng lahat. Ang mga magulang/guardian ay karaniwang maaring dumalo.
●**Seremonya ng Pagsasara( Closing Ceremony)**
●**Bakasyon sa tag-lamig (mula katapusan ng Disyembre hanggang umpisa ng Enero)**
Ang bakasyong ito ay tumatagal ng dalawang linggo.

## Pangatlong Term (Enero-Marso)

●**Seremonya ng Pagbubukas(Opening Ceremony)**
●**Pagtatapos**
Isang kaganapan kung saan binibigyan ng diploma ang mga kinikilala na nakatapos ng pag-aaral at ipinagdiriwang ito.
●**Seremonya ng Pagsasara Closing Ceremony**
Nagaganap sa huling araw ng 1 taon. Kadalasang nag-titipon ang lahat ng mag-aaral.
●**Bakasyon sa tag-sibol**
Pagkatapos ng Closing Ceremony nagsisimula ang bakasyon sa tag-sibol. Pagkatapos ng bakasyon na ito, ang mga mag-aaral ay susulong sa susunod na baitang at magsisimula ang panibagong school year mula sa Abril.

## 06 Anong Klaseng Lugar ang High school? TOP

Ang Buhay sa High school

Sa mga pampublikong high school ng Osaka ang mga sumusunod ay nakatakdang mga alituntunin. Maaring may mga ibang alituntunin sa kaniya-kaniyang paaralan, kung kaya't magtanong sa guro ng inyong paaralan.

### ◆Grade System

May dalawang uri ng high school. Sa Grade System na high school, may takdang aralin na pag-aaralan sa bawat taon (may Elective na klaseng pagpipilian). Kung maraming beses na naliban, hindi nasumite ang mga kinakailangang gawain, at di nakaabot sa itinakdang grado ng mga pagsusulit, hindi makasulong sa susunod na baitang (Grade Retention ang tawag dito). Kapag nangyari ito, uulitin mo ang 1 taon na pag-aaral. Sa sistemang kredito, walang year level at wala ring Grade Retention. Upang makapagtapos, may takdang bilang ng mga aralin na kailangang kunin. Kapag naipasa ang mga klaseng ito makakapagtapos.

### ◆Unit System

Ang oras ng klase ng bawat aralin sa isang linggo ay tinatawag na yunit. Halimbawa, kung nag-aaral ng matematika nang 4 na oras sa isang linggo, mayroon kang 4 na yunit. Sa karamihan ng high school kapag nag-aral ng isang taon at nakakuha ang nakatakdang puntos sa pagsusulit at iba pa, makukuha ang yunit sa nasabing aralin.

### ◆Simula ng klase

Nag-sisimula ang paaralan ng mga 8:25 hanggang 8:30 ng umaga.

### ◆Pagiging Late

Ang mag-aaral ay itinuturing na huli (late) kung hindi pa siya makapasok bago ang oras ng simula ang paaralan o bago magsimula ang bawat klase. Kung mahuhuli o hindi makakapasok dahil sa may sakit, ipaalam sa ito paaralan.

### ◆Oras na Mananatili sa Paaralan

Nagsisimula ang klase sa high school ng mga 8:30 am at may 4 na klase sa umaga (bawat klase ay 50 minuto). Pagkatapos ng tanghalian (baon) mayroong 2-3 klase sa hapon. Sa kabuuan may 6-7 ng klase sa isang araw. Magkakaiba ang guro para sa bawat klase.

### ◆Baon (Dinadala Galing sa Bahay)

Ang mga high school ng Osaka ay walang kyuushoku (tanghaliang handa ng paaralan). Magdala ng baon o bumili ng tinapay at dalhin sa paaralan. May mga high school na mayroong kantina.

### ◆Oras ng Paglilinis

Sa high school, bago umuwi, may oras na linalaan para sa paglilinis. Nalilinis ng mga bata ang silid-aralan, ang hagdanan, ang pasilyo, ang CR at iba pa. Linisin natin ang lugar kung saan tayo ay nag-aaral.

### ◆Pagsali sa Club

Pagkatapos ng pag-aaral, maaring maglaro ng sports o sumali sa mga gawaing kultural kung saan magaling ang mag-aaral.

### ◆Pananamit

Karamihan ng mga high school ay may sariling takdang uniporme (mayroon para sa tag-lamig at para sa tag-init). At ito ang gagamitin sa pagpasok ng mga mag-aaral.

Tuwing oras ng P.E. kinakailangan na magpalit ang mga mag-aaral sa kanilang P.E. uniform upang sila ay malayang makakagalaw. Bukod sa mga pangsilid-aralan na mga sapatos, may mga paaralan na kinakailangan ng sapatos para sa loob ng gym. Sa karamihan ng mga high school, may kaniya-kaniya silang PE uniform.
Tuwing klase ng paglangoy sa panahon ng tag-init, kinakailangang magsuot ng swimsuit at swimming cap. Ihanda ang sariling gamit at isulat ang sariling pangalan. Para sa karagdagang kaalaman, magtanong sa paaralan.

### ◆Ang Klase

Ang klase ay binubuo ng hindi lalampas sa (40) apat na pung mag-aaral. Bukod sa homeroom teacher, mayroon ding Assistant class teacher. Magkakaiba ang guro para sa bawat aralin.

※ Ang pinag-aaralan sa isang aralin, ang ginagawa ng klase sa simula at pagtatapos ng araw, at ang iba't-ibang pagdiriwang ng paaralan ay kalimitang tinatalakay kada klase. Kung may hindi malinaw o pino-problema huwag mag-atubiling makipag-usap kaagad sa homeroom teacher.

### ◆Ang Kurikulum

Pinag-aaralan sa high school ang wikang Hapon (Wikang Pampanitikan, Kultura ng Wikang Hapon iba pa), Kasaysayan ng Heograpiya (Pangkalahatang heograpiya, Pangkalahatang kasaysayan at iba pa, Mamamamayan (pampubliko at iba pa), Matematika, Agham (Physics, Biology, Chemistry atbp), Edukasyon sa Kalusugan at Pisikal, Sining (Arts, Kaligrapiya, Musika atbp), Wikang Banyaga,  gayun din ang Home Economics, Impormasyon at iba pa.
Sa mga paaralang may mga espesyal na kurso, pinag-aaralan din ng mga mag-aaral ang kani-kanilang espesyalidad.

※ Bukod pa rito, mayroon din mga espesyal na aktibidad (aktibidad sa homeroom, aktibidad ng student council, at mga kaganapan sa paaralan), at oras para sa komprehensibong pangtatanong o pagsisiyasat.

### ◆Mga Kagamitan sa Pag-aaral

Lahat ng kagamitan sa pag-aaral, kasama ang mga textbook, ay binabayaran.
Sa Arts at ilan pang klase, kakailanganin ng mag-aaral ng sarili niyang gamit.

### ◆Pagpapadala ng Interpreter

Para sa mga magulang/guardian o mga bata na nahihirapang magsalita ng wikang Hapon, maaring magpatawag ng interpreter para puwedeng magkaintindihan ng mabuti sa pakikipag-usap sa paaralan o sa homeroom teacher. Para sa karagdagang kaalaman, magtanong sa guro ng paaralan

### ◆Medical Check-up

【Ang Medical Check-up】
Ang mga paaralan sa Japan ay nagsasagawa ng medical check-up ayon sa pangangailangan nito. May iba't-ibang uri ng medical check-up.
- Pagsisiyasat sa kalusugan (Susuriin ang medical history at ang kasalukuyang kalusugan)
- Pagsukat ng tangkad at timbang, pagsuri ng loob ng katawan (kondisyon ng tiyan), pagsuri ng mga mata (kung malusog ang mga mata o hindi), pagsuri ng tenga at ilong (kung malusog ang tenga at ilong o hindi), pagsuri sa ngipin (kung malusog ang ngipin o hindi), pagsuri ng paningin (kung gaano kabuti ang paniningin), pagsuri sa pandinig (kung nakakarinig ng tunog)
- Pagsusuri para sa TB (x-ray) Lahat ng high school freshman ay kumukuha nito.
- Pagsusuri ng puso (ECG) Lahat ng high school freshman ay kumukuha nito.
- Pagsusuri ng ihi

※Bukod nito, maaaring magsagawa rin ng pagsusuri bago magklase ng paglalangoy, mag-marathon, umakyat ng bundok, mag-field trip, atbp

### ◆Regular na Pagsusulit

Sa high school, mayroong 5～6 na regular na pagsusulit bawat taon (midterm at final test). May mga aralin na 1 pagsusulit sa isang term, ang iba 2, may iba rin na walang pagsusulit anuman, at may iba na nagbibigay ng pagsusulit batay sa pang-araw-araw na klase. Ang regular na pagsusulit ay binibigay sa loob ng 3 hanggang 5 araw.

Bukod sa regular na pagsusulit, Mayroong mga paaralan na nagbibigay ng pagsusulit na maaring gawin sa bahay o mga pagsusulit na bilang pagsusuri ng kakayahan. Magtanong sa guro para sa karagdagang detalye. May mga klase na nangangailangan ng 1ng pagsusulit lamang bawat term, ang iba 2, may iba rin na walang pagsusulit anuman, at may iba na binabatay ang grado ng mag-aaral sa kanilang pagsali at paggawa sa loob ng klase, atbp. Ang mga pagsusulit ay karaniwang binibigay sa loob ng 3～5 araw. Mayroong mga paaralan na nagbibigay ng pagsusulit na maaring gawin sa bahay o mga pagsusulit na bilang pagsusuri sa kakayanan lamang. Magtanong sa guro para sa karagdagang detalye.

### ◆Report Card

Nakasulat dito ang resulta (grado) ng pag-aaral ng bata sa paaralan, ang pamumuhay nito sa paaralan at iba't-ibang aktibidad ng bata. Natatanggap ito sa araw ng seremonya ng pagtatapos (Closing Ceremony). Pagkatapos ipakita ito sa mga magulang/guardian, ibabalik ito sa homeroom teacher sa simula ng susunod na term (araw ng seremonya ng pagbubukas/Opening Ceremony)

### Unang Taon sa High School

Nag-uumpisa ang high school sa Abril bawat taon at nagwawakas sa Marso. May dalawang uri ng high school. Ang isa ay gumagamit ng Grade System at ang gumagamit ng Unit System. Sa Grade System na high school, nahahati ang 1 taon sa 3 term o 2 term. May iba't-ibang mga okasyon sa paaralan. May okasyon na kailangan ng magulang/guardian na pumunta sa paaralan. Mayroon ding aktibidad na kailangang bayaran. Magbibigay ang paaralan ng mga detalye tungkol sa mga ito. Ang pangalan at detalye ng aktibidad ay nag-iiba depende sa paaralan at baitang ng bata. Ang sumusunod ay ang tipikal na ginagawa sa paaralang may 3 term.

### <u>Unang Term (Abril- Hulyo)</u>

**●Seremonya sa Pagbubukas (Opening Ceremony)**

Ginaganap sa unang araw ng pasukan. Karaniwang nagtitipon ang mga mag- aaral sa lahat ng baitang.

**●Seremonya ng Pagpasok (Entrance Ceremony )**

Ito ay para ipagdiwang ang pagpasok ng mga mag- aaral sa unang baitang. Ang mga magulang/guardian ay maari ding dumalo.

**●Medical Check-up**

Tinitingnan ng doctor kung nasa magandang kalusugan ang mga mag- aaral

**●Pagsukat ng tangkad at timbang**

Sinusukat ang tangkad at timbang ng mga mag- aaral

**●Field Trip**

Lumalabas ng paaralan para mag-aral ng mga bagay na hindi mapapag-aralan sa loob ng silid-aralan habang niraranasan ang kalikasan, kasaysay, at kultura.

**●Pag-uusap ng Teacher, Magulang at Bata**

Nag-uusap ang homeroom teacher, magulang/guardian at bata (3)tatlong tao o higit pa tungkol sa buhay sa paaralan at bahay.

●**Pag-aral ng Paglangoy**

Karamihan ng mga high school ay may swimming pool. Mula sa kalagitnaan ng Hunyo hanggang Hulyo, may klase para makapag-ensayong lumangoy.

●**Closing Ceremony**

Ito ay ginaganap huling araw ng term sa paaralan. Nagtitipon ang ang mga mag- aaral sa lahat ng baitang.

●**Bakasyon sa tag-init**

Ito ay isang mahabang bakasyon na tumatagal ng tatlumpu hanggang apat na pung araw. Sa panahong ito, maaring pumunta ang mga mag- aaral sa paaralan para sa paglalangoy o para sa aktibidad ng klab.

## Pangalawang Term (Setyembre-Disyembre)

●**Seremonya sa Pagbubukas (Opening Ceremony)**

●**Sports Day**

Ito ay aktibidad kung saan nag-eenjoy ang mga bata sa pag-eeherhisyo, nagpapaligsahang sa short at long-distance na takbuhan, relay, sumasayaw at nag-chee-cheer sa kapwa kaklase.

Depende sa paaralan, maaring pumunta rin ang mga magulang. Karaniwang tinatawag itong “undoukai” sa Junior High School.

●**Cultural Festival, Pagpapakita ng mga natutunan ng mga estudyante**

Ito ay aktibidad kung saan ang isang klase ay tumutugtog ng mga instrumentong musikal, kumakanta, nagtatanghal ng dula na ma-e-enjoy tignan at pakinggan ng lahat. Ang mga magulang/guardian ay karaniwang maaaring dumalo.

●**Seremonya sa Pagsasara (Closing Ceremony)**

●**Bakasyon sa tag-lamig**(mula katapusan ng Disyembre hanggang umpisa ng Enero)

Ang bakasyong ito ay tumatagal ng dalawang linggo.

## Ikatatlong Termino (Enero - Marso)

●**Seremonya ng Pagbubukas (Opening Ceremony)**

● **Trip ng Paaralan**

Sa pampublikong high school, kapag naging 2nd year, ang buong baitang ay bumubiyahe kung saan at uuwi sa kinabukasan. Kalimitan ginagawa ito sa pangalawa o pangatlong term.

●**Pagtatapos**

Isang kaganapan kung saan binibigyan ng diploma ang mga kinikilala na nakatapos ng pag-aaral (Ang mga nakakuha ng kinakailangang dami ng unit.) at ipinagdiriwang ito

●**Seremonya ng Pagsasara (Closing Ceremony)**

Nagaganap sa huling araw ng 1 taon. Kadalasang nag-titipon ang lahat ng mag- aaral.

●**Bakasyon sa tag-sibol**

Pagkatapos ng Closing Ceremony nagsisimula ang bakasyon sa tag-sibol.

## 07 Sistema ng Entrance Exam ng High School

TOP

●Sa Japan, higit sa 90% na mga nakapagtapos ng junior high school ay nagpapatuloy sa senior high school ”
Para sa mga nais kumuha ng entrance examination para sa high school o kolehiyo ng teknolohiya, gumawa ng plano at maghanda.

・ Pumili ng paaralang nais pasukan nang maaga

→ Mainam na pumili ng paaralan na nais pasukan mga 6 na buwan bago mag-umpisa ang mga entrance exam. Makabubuting bumisita sa “Multilingual Career Guidance” na ginaganap tuwing mga October para sa iba't-ibang impormasyon. Maaari ring makipag-usap nang pribado. Para sa karagdagang kaalaman, maaaring magtanong lamang sa guro ng paaralan.

・ Bisitahin ang paaralan

→ Bisitahin ang paaralan bago magpasya kung aling paaralan ang gusto mong pasukan. Ang karamihan ng high school ay may tinatawag na "Trial Enrollment". Maaaring pumunta sa paaralan upang makita ang mga silid-aralan at gymnasium, at maranasan ang mismong klase. May posibilidad na magsama ng interpreter sa pagbisita mo, kung kaya't kunsultahin mo ang iyong homeroom teacher.

・ Mag-aral nang mabuti

→Maraming aralin ang lumalabas sa pagsusulit. Alaming mabuti ito at mag-aral nang sistematiko. Kung hindi mo alam kung paano mag-aral, magtanong sa guro mo sa junior high school at humingi ng payo.

・ Magkonsulta nang mabuti sa mga guro sa junior high school o sa magulang/guardian

→ Kahit na ang pagpili ng high school ay sarili mong desisyon, makakapagbigay ng mga mahalagang payo ang iyong guro sa junior high school, magulang/guardian.

Bilang karagdagan, dapat ipaalam ng junior high school sa pampublikong high school ang tungkol sa mga bagay na dapat isaalang-alang kapag nag-aaplay para sa pagsusulit sa mga pampublikong high school.

・ Pag-apply sa napiling Paaralan

→ Matapos makipag-konsulta sa guro sa junior high school,may naka-takdang petsa ang mag-apply sa Online na sistema ng aplikasyon.

・ Araw ng Pagsusulit ( Entrance Exam )_

→ Sa araw ng pagsusulit , pumunta sa paaralan na napili na kung saan ka nag-apply para kumuha ng entrance exam ( pag－pipillian sa pagpasok ).

Mga kagamitan para sa eskuwela

## 08. Mga Kagamitang para sa Paaralan TOP

| Kagamitan | Paliwanag |
|---|---|
| Gamit pang-calligraphy | Ginagamit sa klase ng wikang pambansa (Hapon) at calligraphy. Ang brush ay ginagamit sa pagsulat ng mga letra. |
| Ruler (naka-sentimetro) | Para sa matematika at aritmetika. Sinusukat ang haba ng mga bagay. |
| Tatsulok | Ginagamit sa klase sa matematika at aritmetika. |
| Kumpas | Ginagamit sa klase ng matematika, aritmetika at Arts. Pang-guhit ng bilog. |
| Protraktor | Ginagamit sa klase sa matematika at aritmetika. Sinusukat ang grado ng anggulo. |
| Harmonica | Karaniwang ginagamit sa klase ng musika para sa mababang antas ng elementarya. |
| Kastanet | Karaniwang ginagamit sa klase ng musika para sa mababang antas ng elementarya. |
| Melodica | Karaniwang ginagamit sa klase ng musika para sa mababang antas ng elementarya. |
| Rekorder (plauta) | Ginagamit sa klase ng musika. |
| Lalagyan | Kung saan tinatago ang sariling gunting, pandikit atbp. |
| Gunting | Ginagamit sa klase ng Arts and Crafts |
| Pandikit | Ginagamit sa klase ng Arts and Crafts |
| Iskats teyp | Ginagamit sa klase ng Arts and Crafts |
| Kraypas | Ginagamit sa klase ng Arts and Crafts |
| Colored pencil | Ginagamit sa klase ng Arts and Crafts |
| Akwarela | Ginagamit sa klase ng Arts and Crafts |
| Pait | Ginagamit sa klase ng Arts and Crafts |
| Gamit sa pananahi | Ginagamit sa klase ng Home Economics. Kasama ang karayom, sinulid, gunting atbp. |
| Jump rope | Ginagamit sa klase ng P.E. |
| Uniporme (pang-summer at winter) | Ang damit na itinakda ng paaralan. May mga paaralan na walang uniporme. |
| Sapatos panloob | Ang sapatos na sinusuot sa loob ng paaralan lamang. Inuuwi ito isang beses bawat linggo para linisin. Mainam rin na magkaroon ng sarili nitong lalagyan. |
| Bag, dagdag na bag | Ang mga elementarya ay gumagamit ng backpack (randoseru).<br>Ang mga nasa junior high school at high school ay posibleng may itinakdang uri ng bag na dapat gamitin. |
| P.E. uniform (pang-summer at winter) | Sinusuot tuwing klase sa P.E. upang malayang makakilos. Karamihan ng paaralan ay may takdang disenyo. |
| P.E. sapatos | Sinusuot sa loob ng gym. |
| Kasuotang panglangoy, swim cap | Ang mga ito ay sinusuot tuwing klase sa paglangoy tuwing tag-init. Bawat paaralan ay may takdang kasuotang panglangoy at swim cap. |
| Bag pang swimming | Nabibitbit na plastik na bag kung saan linalagay ang basang tuwalya at swimsuit. |
| Water bottle | Puwedeng magdala ng inumin sa paaralan para hindi ma-dehydrate. Puwedeng maglagay ng tsaa sa water bottle, pero magtanong sa paaralan kung puwedeng maglagay ng iba pang inumin. |
| Chopsticks | Ginagamit sa pagkain ng baon. |
| Epron, sumbrero, takip sa mukha | Ginagamit ito tuwing pananghalian sa paaralan sa elementarya/mababang paaralan at sa mga klase sa home economics. Ginagamit ito sa tokang panahon sa pamamahagi ng pananghalian sa paaralan. Gayundin, ginagamit ito ng mga mag-aaral sa junior high school at high school kapag magluluto sa klaseng home economics. |
| Sipilyo, tasa | Ginagamit pagkatapos ng tanghalian. Lahat ay nagsisipilyo ng kanilang ngipin. Karaniwang kailangan sa elementarya. |

Mga paaralan kung saan ginagamit ang sariling wika.

## 09 Listahan ng mga Internasyonal na Paaralan TOP

Iba-ibang paaralan (sa Setyembre 1, 2025)

| Pangalan ng Paaralan | Lokasyon | Telepono |
|---|---|---|
| (Osaka Chūka Gakkō)<br>Osaka Chinese School | 〒556-0012 1-8-13 Shikitsuhigashi, Naniwa-ku, Ōsaka-shi | 06-6649-6849 |
| (Osaka Chōsen Kōkyū Gakkō)<br>Osaka Korean Junior and Senior High School | 〒537-0021 3-17-6 Higashinakamoto, Higashinari-Ku, Osaka City | 06-4309-7915 |
| (Kita Osaka Chōsen Shokyū Gakkō)<br>Kita Osaka Korean Elementary School | 〒533-0015 1-5-19 Ōsumi, Higashiyodogawa-ku, Ōsaka-shi | 06-6328-6794 |
| (Minami Osaka Chōsen Shokyū Gakkō)<br>Minami Osaka Korean Elementary School | 〒559-0011 1-11-1 Kitakagaya, Suminoe-ku, Ōsaka-shi | 06-6685-6505 |
| (Higashi Osaka Chōsen Shokyū Gakkō)<br>Higashi Osaka Korean Elementary School | 〒577-0845 2-4-22 Teramae-chō, Higashiōsaka-shi | 06-6728-4202 |
| (Osaka Chōsen Shokyū Gakkō)<br>Osaka Korean Elementary School | 〒544-0012 3-14-16 Tatsuminishi, Ikuno-ku, Ōsaka-shi | 06-6758-0848 |
| Kwansei Gakuin Osaka International School<br>https://www.senri.ed.jp/ | 〒562-0032 4-4-16 Onoharanishi, Minoo-shi | 072-727-5050 |
| (Korea Kokusai Gakuen Chūtōbu・Kōtōbu)<br>Korea International Schools<br>Junior and Senior High School<br>https://www.kiskorea.ed.jp | 〒567-0057 2-13-35 Toyokawa, Ibaraki-shi | 072-643-4200 |
| Osaka YMCA International School<br>https://oyis.org | 〒531-0071 6-7-34 Nakatsu, Kita-ku, Ōsaka-shi | 06-6345-1661 |

Mga Eskuwela sa Artikulo 1 ng School Education Law

| Pangalan ng paaralan | Lokasyon | Telepono |
|---|---|---|
| Osaka Kongo International Elementary-Junior-High School<br>https://www.kongogakuen.ed.j itong "undoukai" o dili p/ | 〒559-0034 2-6-10 Nankoukita Suminoe-ku Ōsaka-shi | 06-4703-1780 |
| (Hakutou Gakuin Kenkoku Yō/Sho/Chū/Kōtō Gakkō)<br>Educational Foundation Baekdu Hagwon Kinder//Middle and High School<br>https://www.keonguk.ac.jp | 〒558-0032 2-3-13 Oriono, Sumiyoshi-ku, Ōsaka-shi | 06-6691-1231 |

## 10 Mga Klase ng Wikang Hapon sa Paaralan at sa Komunidad TOP

Mayroong mga lokalidad na nagsasagawa ng klase ng wikang Hapon sa elementarya at junior high school para sa mga batang gustong mag-aral. Iba-iba ang mga klase, pero karamihan ay nasa loob ng elementarya o junior high school. Tuwing klase na mahirap intindihin kung hindi nakakaintindi ng Hapon katulad ng Pambansang wika o Araling Panlipunan, nag-aaral sila ng Hapon sa ibang silid-aralan (o sa ibang paaralan) bukod sa kanilang kaklase sa oras ng klaseng iyon lamang.
Sa mga lugar na walang klase ng wikang Hapon, tuwing oras ng Pambansang wika o anumang mahirap na klase, ang mga mag- aaral ay tinuturuan nang dahan-dahan at madaling maintindihan ng ibang guro sa ibang silid. Tinuturuan din sila pagkatapos ng regular na klase o tuwing oras ng break.
Depende sa lugar at paaralan kung ilang beses nag-kaklase para sa pagtuturo ng wikang Hapon at paksa ng pag-aaralan, kaya kinakailangang komunsulta muna sa iyong guro.

Karaniwan, walang ganitong espesyal na pagtuturo ng wikang Hapon sa high school.

**Mga Klase ng Wikang Hapon sa Lokalidad**

Sa bawat lokalidad sa Prepektura ng Osaka, maaring mag-aral sa mga klase ng wikang Hapon na isinasagawa ng mga Asosasyon ng International Exchange.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga klase, tignan dito:

↓

Impormasyon tungkol sa Literasiya, Klase ng Hapon at Panggabing Junior High School ng Osaka

https://call-jsl.jp/

## 11 Lugar Kung Saan Makakakuha ng Imporasyon Tungkol sa Trabaho (Listahan ng Hello work) TOP

Dito ang lugar kung saan ang mga taong nais magtrabaho ay makakasiyasat ng trabahong maaaring applyan. Ang sumusunod ay ang mga pampublikong ahensiya ng pagtatrabaho sa Osaka.

| Lokalidad | Numero ng Telepono | Zip Code | Lokasyon |
|---|---|---|---|
| Hello Work Osaka Higashi | 06-6942-4771 | 540-0011 | 1F-3F Pip Bldg., 2-1-36 Nouninbashi, Chūō-ku, Ōsaka-shi |
| Hello Work Umeda | 06-6344-8609 | 530-0001 | 16F, No.2 building, 1-2-2 Umeda, Kita-ku, Ōsaka-shi |
| Hello Work Osaka Nishi | 06-6582-5271 | 552-0011 | 1-2-34 Minami Ichioka, Minato-ku, Ōsaka-shi |
| Hello Work Abeno | 06-4399-6007 | 545-0004 | 1-4-2 Fuminosato, Abeno ku, Osaka shi |
| Hello Work Abeno Lucias Government Office Bldg. | 06-6631-1675 | 545-0052 | 8F, Abeno Lucias Building, Office Building 1-5-1 Abenosuji, Abeno-ku, Ōsaka-shi |
| Hello Work Yodogawa | 06-6302-4771 | 532-0024 | 3-4-11 Jūsōhon-machi, Yodogawa-ku, Ōsaka-shi |
| Hello Work Fuse | 06-6782-4221 | 577-0056 | 4F AEON Fuse Ekimae branch, 1-8-37 Chodo, Higashi Osaka-shi |
| Hello Work Sakai | 072-238-8301 | 590-0078 | The 1st to 3rd floor of Sakai district Goudouchousha, 2-29, Minami-Kawaramachi, Sakai-ku, Sakai-shi |
| Hello Work Sakai Higashi Ekimae Office | 072-238-8305 | 590-0028 | 9F Takashimaya Sakai Ten, 59 Mikunigaokamiyukidori, Sakai-ku, Sakai-shi |
| Hello Work Kishiwada | 072-431-5541 | 596-0826 | 1264 Zakuzaichō, Kishiwada-shi |
| Hello Work Ikeda | 072-751-2595 | 563-0058 | 12-9 Sakaehon-machi, Ikeda-shi |
| Hello Work Izumiōtsu | 0725-32-5181 | 595-0025 | TEXPIA OSAKA 2F 22-45 Asahi-chō, Izumiōtsu-shi |
| Hello Work Fujiidera | 072-955-2570 | 583-0027 | 3F DH Fujiidera Ekimae Bldg. 2-10-18 Oka Fujiidera-shi |
| Hello Work Hirakata | 072-841-3363 | 573-0031 | 6F Hirakata VIE. ORNER Branch, 7-1 Okamoto-cho, Hirakata-shi |
| Hello Work Izumisano | 072-463-0565 | 598-0007 | 2-1-20 Ue-machi, Izumisano-shi |
| Hello Work Ibaraki | 072-623-2551 | 567-0885 | 1-12 Higashichūjō-chō, Ibaraki-shi |
| Hello Work Kawachinagano | 0721-53-3081 | 586-0025 | 7-2 Shōei-chō, Kawachinagano-shi |
| Hello Work Kadoma | 06-6906-6831 | 571-0045 | 2F, Hall ng Commerce-and-industry ng Moriguchi-Kadoma, 6-4 Tonoshima-chō, Kadoma-shi |
| Osaka Employment Service Center for Foreigners | 06-7709-9465 | 530-0017 | 16F Hankyu Grand Building, 8-47 Kakuda-cho, Kita-ku, Osaka-shi |

## 12 Mga Paaralang Nagtuturo ng Dalubhasang Karunungan at Kasanayan (Pagkuha ng Kasanayan para Makapagtrabaho) TOP

### ◆Paaralan ng Dalubhasang Pagsasanay (Koutou Shokugyou Gijutsu Senmonkou)

Ito ay mga institusyon kung saan makakapagsanay ng iba't-ibang trabaho at makapag-aral ng dalubhasang karunungan at kakayahan nang maikling panahon na kalahating taon hanggang 2 taon.
Puwedeng mag-aplay sa mga pampublikong ahensiyang pantrabaho (Hello Work).

Sa Osaka, mayroong 6 na paaralan (kasama ang paaralan para sa Pag-unlad ng Pantrabahong Kakayahan ng mga may Kapansanan ng Osaka).

| | |
|---|---|
| Techno Center Kita (North) Osaka | 072-808-2151 |
| Techno Center Higashi (East) Osaka | 072-964-8836 |
| Techno Center Minami-Osaka | 072-553-3005 |
| Techno Center Yuuhigaoka | 06-6776-9900 |
| Paaralan para sa Pag-unlad ng Pantrabahong Kakayahan ng mga may Kapansanan ng Osaka | 072-296-8311 |

※Para sa karagdagang impormasyon maari lamang makipagkonsulta sa inyong homeroom teacher o tagapagpayo ng inyong paaralan.

### ◆ Kolehiyo ng Teknolohiya (Koutou Senmon Gakkou)

Ito ay mga paaralan na ang layunin ay bigyan ng mas detalyadong pag-aaral at espesyal na kasanayang kinakailangan ang mga mag-aaral para sa kanilang karera. Espesyal na pag-aaral na may kaugnayan sa industriya. Pagkalipas ng (5) limang taong pag-aaral at nakapagtapos, maaaring magtrabaho bilang propesyonal na inhinyero o lumipat pumasok sa unibersidad para sa pag-kadalubhasa pa.

Sa Osaka Prefecture, may Osaka Metropolitan University College of Technology/ Osaka Kouritsu Daigaku Ko-gyo Ko-to Senmon Gakko na paaralan na (5) limang taon ang pag-aaral.

### ◆Ang Iba-ibang Paaralan at Specialized Training School

○ Ang Iba-ibang Paaralan(Kakushu Gakkou)
May institusyong pang-edukasyon na kung saan nagsasanay para makakuha ng kakayahan at mga katangian na kailangan upang maging isang kapakipakinabang na miyembro ng lipunan sa maiksing panahon. Ang mga kurso ay karaniwang tumatagal ng isang taon lamang.
Mga Paaralan: Paaralan ng pagpapaganda at pag-ayos ng buhok, Pagluluto atbp.

○ Mga Specialized Training School (Senshuu Gakkou)
May paaralan rin kung saan pumapasok ang mga nagtapos ng junior high school at nag-aaral ng ordinaryong kurikulum ng high school bukod sa mga pang-dalubhasang klase. Pinagsasama nila ang pagsasanay sa kakayahan at pag-aaral sa high school. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga high school, makakatanggap din ang mga mag- aaral ng high school diploma.
Mga paaralan: Paaralan tungkol sa Komputer, paaralan ng pagpapaganda at pag-ayos ng buhok, paaralan sa homemaking, paaralan ng wika, paaralan para maging mekaniko atbp.